

Panimulang paglalarawan ng mga buhay ng mga kababaihang Ayta ng Botolan, Zambales

Ma. Teresa C. Dominguez

Isang araw, may isang pamilyang Ayta na naglalakad sa tabing-ilog. Ang babae ay may hawak na bata at baboy sa isang kamay. Sa kanyang dibdib ay may nakasabit na isang sanggol na nakaduyan sa isang tela na pahalang na nakakwintas sa kanyang leeg. Sa kanyang ulo ay may nakabigkis na basket na lubon na may lamang maliit na bata, mga damit ng pamilya at kasangkapan sa pagluluto. Maingat niyang hawak sa kabilang kamay ang aypo o kahoy na may dingas ng apoy na magdudulot ng init sa gabi at ginhawa sa kalamnan. Ang lalaki ay nauuna, tangan ang gamit pampana at sibat at nagmamasid sa kapaligiran. Sa likod nila ay may isang mas malaking bata na sumusunod.

Introduksyon

Ang mga Ayta ng Botolan sa lalawigan ng Zambales ay nabibilang sa mas kilalang pambansang minorya (*national minorities*) o katutubong mamamayan (*indigenous peoples*) sa Pilipinas na tinataguriang grupong Negrito ayon sa klasipikasyong etno-linguistika. Ang grupong Negrito ay may iba't-ibang pangalan batay sa tawag nila sa sarili¹ at lugar na tinitirhan, tulad ng *Ayta* at *Ita* sa Zambales, Bataan,

Pampanga, Tarlac at Bulakan, *Dumagat* sa Quezon at Rizal, *Remontado* sa Rizal, *Agta* sa Kabikulan at Isabela, *Ata* sa Abra, *Mamanua* sa mga lalawigan ng Agusan at Surigao, *Ati* sa Isla ng Panay (kasama na ang Guimaras) at Negros, at *Batak* sa Palawan. Karamihan sa kanila ay nakatira sa mga kabundukan at liblib na bahagi ng mga lalawigan ito.

Madali silang makilala dahil na rin sa kanilang mga payak na pisikal na katangian – kulot ang buhok, di-kataasang katawan, at maitim na balat. Ngunit tila sila ay nananatiling walang kaugnayan sa mga buhay-buhay ng nakararaming Pilipino. Kadalasan, sila ay tampulan ng mga biro at di-magandang pagtingin ng dinakakaunawa na mga tagapatag at tinatawag pa na “Negro,” kulot”, “uncivilized”, “di tao” at iba pang bansag. May mga salita sila, tulad ng “Ita” at “Baluga” na kapag mga tagapatag ang gumamit ay nagtataglay ng negatibong laman, tulad ng pagsabi na “ang itim mo naman, para ka ng “Ita” o “Baluga”. Sila ay nagkakaroon lamang ng dagliang pagsikat sa ating diwa sa ilang piling okasyon tulad ng mga pangkulturang pagtatanghal, kapaskuhan, eleksyon, produksyon sa telebisyon at pelikula o di-inaasahang kalamidad o sakuna tulad ng bagyo, lindol at baha na nangangailangan ng dagliang kalinga lalo na mula sa pamahalaan at mga mamamayang “unat ang buhok”. Halimbawa, sila ay muli na namang nakilala sa pagsabog ng Bulkang Pinatubo noong 1991.

Ngunit kung ang mga kapatid nating Ayta ay di-kita sa paningin ng nakararaming Pilipino lalung-lalo na ang mga Aytang kababaihan na di na nga sila nakikita sa lipunang Pilipino, hindi pa rin sila nakikita sa lipunang Ayta. Ito ba ay dapat pa nating pagtakhan? Ika nga ni Elizabeth Eviota (1993:5), sa mga iba’t-ibang panglipunan at pang-ekonomiyang anyo ng lipunan – pyudal man, bago magkapitalismo, yugtong kapitalismo o sosyalismo – ang relasyon ng mga babae at lalaki ay hindi na naging pantay at ang mga lalaki bilang isang grupo ay may mas marami at mas direktang naaabot na mga panlipunang kagamitan. Mahalaga ang usaping ito sapagkat ang mga Ayta—lalaki man o babae – ay parehong dumaranas ng kahirapan bilang mga katutubo ngunit may partikular na karanasan ang mga babaeng Ayta dulot ng pagiging babae. Dapat na mapaunlad ang kapakanan ng mga lalaki at babaeng Ayta upang kapwa nilang maisulong ang makauri at makasariang interes ng mga katutubo sa kabuuan.

Ang mga sumusunod na akda ay mga kuwentong buhay ng ilang kababaihang Ayta sa Barangay Villa, isa sa 11 barangay na sakop ng Loob Bunga Resettlement sa Botolan, Zambales. Ang Barangay ay isa sa anim na mga barangay na may pinakamalaking bilang ng mga Ayta (halos 60-70%) at may 890 residente na kung saan ang mga kababaihan ay kumakatawan sa 52% at ang mga kalalakihan ay 48%. Ang mga kuwento ay magpapakita ng kanilang kalagayan at katayuan bilang katutubong Ayta at bilang babaeng Ayta bago pa man sumabog ang Bulkang Pinatubo at patuloy na nangyayari sa kasalukuyang buhay nila sa resettlement

area na itinayo ng pamahalaan sa tulong ng mga pribadong ahensyang pangkaunlaran at simbahan. Sa pagsasalaysay, ipapakita na sa lipunan ng mga Ayta, ang mga paniniwala ukol sa papel ng lalaki at babae, at sistema ng hatian sa gawain sa larangan ng produksyon, reproduksyon, at pamamahala at pamumuno sa pamayanan ay nagdudulot ng di-pantay na relasyon ng kalalakihan at kababaihan, at ito ay pinalubha pa sa pagsabog ng Bulkang Pinatubo². Ipapakita rin dito ang komon na karanasan ng mga Aytang lalaki at babae bilang bahagi ng lipunang Pilipino.

Ang Mga Ayta: Paano Ba Sila Noon?

Ang mga Ayta ng Botolan ay nakatira sa silangang bahagi ng Zambales Range at ang ilan sa kanilang mga pamayanan ay kasama sa mga pinakamalalapit sa Bulkang Pinatubo. Ayon sa isang manunulat (Villanueva 1996:71), ang Bulkang Pinatubo ay halos nagsisilbing kuna ng mga Ayta. Para sa mga Ayta ng Botolan, ang kanilang lugar ay tinatawag na “Baytan” o silangan.

Ang mga Ayta noon ay naggugrupo sa tatlo hanggang sampung pamilya na umaabot ng sampu hanggang singkuwentang magkakamag-anak. Ang pinakamatandang lalaki ang tumatayong lider at sinusupportahan siya ng iba pang kalalakihan – kapatid, tiyuhin o iba pang kamag-anak. Ang dami ng bilang ng lider sa isang grupo ay batay sa laki ng grupong ito kung kaya’t ang lider ay maaaring isa o mas marami pa. Bukod sa pagiging pinakamatanda, ang pagpili ng lider ay batay rin sa pagiging pinakapinagkakatiwalaan at pinakamamahal ng grupo. Siya ay magiging isang lider habang siya ay nabubuhay.

Ang bawat grupo ay may sariling kasarinlan at kanya-kanyang lugar na iniikutan. Ang mga babae ay sumasama sa grupo ng napangasawa niya at bagamat ang mga kamag-anak ng mag-asawa ay parehong kinikilala, ang pagsunod sa angkan ng lalaki ang mas binibigyang-diin. Sa isang takdang panahon at lugar, ang lahat ng mga grupo ng mga Ayta ay magkikita upang magpalitan ng produkto at mag-usap-usap sa mga usaping makakabuti sa kanilang lahi, tulad ng usaping pangseguridad, pangkabuhayan at iba pa.

Ayon sa ilang mananaliksik ng agham-tao o antropolohiya (Reed 1904, Schebesta 1952 at Garvan 1963), malamang noon pa man, sila ay nagkaroon na ng pakikiniig sa mga Kristiyanong tagapatag, lalo na ng mga Sambal ayon na rin sa mga nakita nilang mga halaman na mas nabubuhay sa mabababang lugar at naimbentaryong kultura kasama na ang lenguahe. Noon pa man – bago dumating ang mga Kastila hanggang sa pagputok ng Ikalawang Digmaang Pangdaigdig, ang kasaysayan ng mga Ayta, ayon kay Shimizu (1989) ay kasaysayan ng pag-urong sa kabundukan sa bawat pagdating ng mga mananakop³. Ngunit mayroon ding mga Ayta na piniling manirahan malapit sa kapatagan at tanggapin ang pamamahala ng lokal na gobyerno.

Ang mga Ayta na hindi nagpasakop sa mga impluwensya ng tagapatag ay tumira na sa mga liblib na bahagi ng kabundukan at nagpatuloy ng kanilang pagsalungat sa bagong kalakaran.

May nagsasabing ang mga Ayta noon ay nagkakaingin o naglilinis at nagsusunog ng isang gulod upang tamnan (Fox 1953). Ngunit mayroon ding nag-aakala na sila ay naunang maging mangangaso at mangangalap ng pagkain bago naging kainginero (Brosius 1981). Di rin maikakaila na ang mga Ayta ay may mayamang kaalaman sa mga halaman at hayop, at kakayanan sa paggamit ng kalikasan para sa kanilang iba't-ibang pangangailangan tulad ng materyal sa pabahay, panggagamot, pagkain, kasuotan, at ritwal. Mayroon ding silang pagtitiyak ng mga lugar para sa pangangaso, pangingisda at pagkukunan ng mga produkto (Fox 1953). Bukod sa mga pagtatanim, ang mga Ayta ay nagpapain ng isda, nangangaso ng usa at baboy-damo at nanghuhuli ng salagubang. May mga gawaing pampruduksyon ang nilalahukan ng iba pang Ayta sa pamamagitan ng "patungaw" o bayanihan.

Sa umpisa, ang kanilang mga samut-saring gawaing pang-ekonomiya ay nagtiyak ng seguridad sa pagkain ng lahi. Sa paglipas ng panahon, ang mga gawaing pagkabuhayan ay dahan-dahang ding nagbigay-puwang sa dikta ng palengke o kalakalan ng kapatagan. Halimbawa, ang kanilang palay para sa pagkain na tinanim sa "gasak" (o kinaingin na burol) ay hinaluan ng mais at kamote para paninda sa palengke. Sa kalaunan, noong gitnang bahagi ng dekada-50, ang mga mangangalakal pa mismo ang pumupunta sa lugar para bumili ng mga produkto tulad ng saging na saba, kamote at ube. Noong kalagitnaan ng dekada-60, sa sobrang kompetisyon sa mga produkto ng mga Ayta, may mga mangangalakal ang tumira na sa iba't-ibang lugar na malapit o tirahan mismo ng mga Ayta. Ang mga Ayta ay natuto na ring pumunta sa bayan para mangalakal.

Ang Mga Kababaihang Ayta Noon

Sa pananaliksik ni Fox (1953), ang mga babae ay karaniwang may responsibilidad sa gawaing pang-agrikultura, pangongolekta para sa pagkain, at maliitang pangingisda habang ang mga lalaki, lalo na ang mga mas batang kalalakihan, ay nangangaso at nangingisda na may suot na salaming pantubig (*goggles*) at hawak na pana. Ang mga kalalakihan ay kadalasang wala sa bahay at bumibisita sa mga kamag-anak sa ibang lugar at nakikipangalakal.

Sa Talaan 1, makikita ang mga gawain ng mga lalaki at babae sa larangan ng agrikultura ayon sa mga nakapanayam na nakatatandang lalaki at babae. Dito naipakita na may nangyayaring sistema ng hatian sa gawain sa pagitan ng lalaki at babaeng Ayta. Sa ano mang klase ng produkto, ang mga kalalakihan ay eksklusibong

tagahanda ng lugar na tatamnan habang ang mga babae ay pangunahing tagabenta ng mga produkto sa palengke. Ang mga babae rin ang karaniwang pangunahing inaasahan sa pagtatanim ng ano mang produkto at pagbubunot ng damo sa lugar taniman maliban sa saging (pangunahing pinagkukunan ng salapi), na ang buong proseso ng pagtatanim ay monopolyo ng lalaki. Ang pag-aani ng mga produkto ay pangunahing sakop din ng mga gawaing pambabae maliban sa pag-aani ng murang mais na pangunahing ginagawa ng lalaki kapag ang mga ito ay para sa palengke at ginagawa ng mga babae kapag ang mga ito ay para sa pagkain ng pamilya. Ang mga batang lalaki at babae ay tumutulong din sa ilang gawain tulad ng pagbubunot ng damo, pag-aani ng mais, at pagtatanim ng gulay.

Sa mga gawaing nangangailangan ng sistemang *patungaw* tulad ng paghahanda ng *gasak* at pagtatanim ng palay, ang mga asawang babae ang inaasahang maghanda ng pagkain para sa lahat o bawat pamilya depende sa pinag-usapan. Samakatuwid, ang mga gawain na may kaugnayan sa pangkonsumo ng pamilya ay nakatalaga sa mga kababaihan samantalang ang mga gawain na pagkukunan ng salapi ay mas ginagampanan ng mga kalalakihan. Dagdag dito, ang mga gawain ng mga kababaihan ay pawang nangangailangan ng mas matagal na panahong gugugulin.

Sa Talaan 2, makikita ang mga paglalarawan ng mga gawain sa pangingisda at pangangaso ng babae't lalaki ayon na rin sa pagkaalala ng mga kinapanayam. Sa mga nakasaad, napatunayan na taliwas sa nakagawiang pag-aakala na ang pangangaso ay gawain ng lalaki, ang mga babae ay kalahok din sa gawaing ito. Ngunit ayon na rin sa salaysay ng isang lalaking Ayta, ang mga kalalakihan ang nagpaplano ng buong gawain. Halimbawa, sa kaso ng pagbibitag ng mga isda sa ilog, ang mga lalaki ay magkakaroon ng isang pagpupulong bago dumating ang takdang araw. Sila ay magkakaisa kung saang parte ng ilog nila haharangan ng bato para hindi na dumaloy ang tubig, anu-anong mga gamit ang dadalhin, at paano hahatiin ang mga gawain. Ang mga asawang babae naman ay aatasang maghanda ng pagkain ng kani-kanilang pamilya.

Bagamat may ilan ding kapasidad at gamit ang mga babae sa pangangaso tulad ng panang *huri*, ang teknolohiya ng pangangaso at pangingisda ay monopolyo ng kalalakihan at ang partisipasyon ng mga kababaihan ay tinuturing na suporta lamang. Lalaki pa rin ang tinuturing na gumagampan ng mga inaakalang maseselan at importanteng bahagi ng gawaing pampruduksyon.

Ang mga nakapanayam ay wala pang natatandaan na nagkaroon ng isang babaeng lider ang mga Ayta noon. Ito ay sa kabila ng kondisyon na kapag ang isang lalaking lider ay namatay, ang kanyang asawa ay maaaring pumalit sa kanyang posisyon kung siya ay napatunayang may kakayahang mamuno.

Talaan 1: Hatian sa Gawain ng Lalaki at Babaeng Ayta sa Agrikultura

Mga Produkto	Gawain	Hatian sa Gawain*	Panahon ng Paggawa
"palay" sa kaingin	1. paghahanda ng lugar na tatamnan	L(M)	Marso – Abril
	2. pagtatanim	B(M), l(m)	Huling bahagi ng Mayo – Hunyo
	3. pagbubunot ng damo	B(M), l(m), l/b (bt)	Hunyo – gitna ng Agosto
	4. pag-aani	B(M), l(m)	
Mais (isinasama sa pagtatanim ng palay sa kaingin)	1. pagtatanim ng mais	B(M), l(m)	Huling bahagi ng Marso – unang bahagi ng Mayo
	2. pag-aani ng murang mais	L(M), b(m), l/b(bt)	Hunyo – Hulyo
	a) pagtatali ng mga mais	L(M)	
	b) pagtatalop ng balat ng mais	B(M)	
	k) pagpaparuyo ng mais	L/B(M)	
	3. pag-aani ng mga matanda o natuyong mais para sa bigas ng pamilya	B(M)	Agosto
	4. pagtatanim ng mais	B(M), l(m)	Huling bahagi ng Setyembre – gitnang bahagi ng Agosto
	5. Pag-aani ng mais	L(M), b(m), l/b(bt)	Enero
	6. pagtitinda ng mais	B(M), l(m)	Enero
Gabi, ube, gulay	1. pagtatanim ng ube	B(M)	Enero – Pebrero
	2. pagtatanim ng gabi	B(M)	Marso – Abril
	3. pagtatanim ng mga gulay (tulad ng sitaw, patani, sigarilyas, at iba pa)	B(M), l/b(bt)	Gitnang bahagi ng Mayo – Hunyo
	4. pagbubunot ng damo	B(M), l(m)	Hulyo
	5. pag-aani ng gabi	B(M)	Agosto – Setyembre (kalakasan); Oktubre – Disyembre
	6. pag-aani ng sitaw	B(M)	Agosto – Nobyembre
	7. pag-aani ng sigarilyas	B(M)	Setyembre – Nobyembre
	8. pag-aani ng patani	B(M)	Disyembre
Saging (saba, larundan, lakatan)	1. pagtatanim ng saging bago umulan	L(M)	Marso – Mayo
	2. pangangalaga ng taniman ng saging	L(M)	Agosto – Oktubre
	3. pag-aani tuwing 15 araw (para sa lakatan o tuwing ikaanim na buwan para sa saba)	L(M)	Enero – Hunyo
	4. pagbebenta sa palengke	B(M), l(m)	Enero
Kamote (sa patag na lugar)	1. paghahanda ng lugar na tatamnan	L(M)	Setyembre – Oktubre
	2. pagtatanim	B(M), l(m)	Nobyembre – Disyembre
	3. pag-aani	B(M), l(m)	Enero – Pebrero
	4. pagbebenta	B(M), l(m)	Enero – Pebrero

* paliwanag sa mga simbolo – L (lalaki), B (babae), (M) matanda, (BT) bata, malalaking letra ay ibig sabihin ay pangunahing gumagampan at ang maliliit na letra ay nangangahulugan na tumutulong lamang. Batay sa Ingles na ginawang simbolo ni Illo na nakasaad sa 1991-92 IPC-CIDA Workshops, 1994, pahina 18.

Talaan 2: Hatian sa Gawain ng Lalaki at Babae sa Pangangisda at Pangangaso

Mga Hayop	Gawain	Hatian sa Gawain	Panahon ng Paggawa
Isda	1. pagbitag ng hipon at isdang biya	L/B(M)	Setyembre – Oktubre
	2. pagbitag ng iba pang isda (sa pamamagitan ng sistema ng patungaw) a) paghanda ng mga bitag b) paghakot ng malalaking bato k) pagluto ng pagkain ng grupo c) paghuli ng mga isda sa pamamagitan ng mga kamay at huri, isang panang pambabae	L/B(M) L(M) B(M) B(M) B(M)	Marso – Hunyo
	3. paghuli ng isda sa ilog sa pamamagitan ng osero, panang panlalaki at amtuko, salaming pantubig	L(M)	
Mga mabangis na hayop	1. pangangaso ng usa sa gabi a) pagpana sa usa b) paggawa ng ingay para takutin ang usa	L/B(M) L(M) B(M)	Disyembre – Mayo
	2. pangngangaso ng baboy-damo	L/B(M)	Agosto – Setyembre
Salagubang	1. paghukay ng malaking butas sa lupa sa umaga 2. pangangaso sa gabi a) pag-akyat sa mga puno para pukawin ang mga pugad ng salagubang b) pagtapik sa mga puno, paghawak ng lampara at pag-akit sa mga salagubang para pumunta sa inihandang butas sa lupa; pagsilid ng mga salagubang sa sako	B(M) L/B(M) L(M) B(M)	Pebrero – Mayo

Mailap man ang karapatang mamuno ng babae sa lipunang Ayta, hindi maitatatwa na sila ay may prominenteng papel sa larangan ng pagbibigay-ginhawa sa pang-araw-araw na buhay ng mga Ayta. Bagama't may mga lalaking manggagamot at tagapamagitan sa tao, kalikasan at kay Apo Namalyari, ang Maykapal ng mga Ayta, mas maraming kababaihan ang siyang may-angking galing at pananagutan sa mga larangang ito. Ito ay napatunayan sa pag-aaral ni Abaya (2000) ukol sa sistemang terapeutika at konsepto ng ginhawa ng mga Ayta sa Botolan, na nagpakita na mas marami pa ring mga babae ang nagiging "manganito" o manggagamot sa tulong ng *camana* o mabuting espirito at may kaalaman sa iba't-ibang klase ng panggagamot tulad ng *manapal*, *manutbot* at *nagpupugo* na pawang ginagamitan ng halamang-gamot, at *mangapto*, pagmamasahé sa parte ng katawan na may sakit upang alisin ang masamang espirito. Subali't, ang tinitingalang pangunahing *manganito*, ang *Balyan*, ay galing pa rin sa kalalakihan.

Ang Mga Kababaihang Ayta Ngayon

Ang pinakamalakas na pagsabog ng Bulkang Pinatubo ay nangyari noong ika-15 ng Hunyo, 1991 matapos ng mahigit na 600 taong na pagkakahimlay nito. Ito ay sinundan pa ng mga mahinang pagsabog at patuloy na pagdaloy ng mga *lahar*. Ang kalamidad na ito ay nagdulot ng di-mailarawang paghihirap at pagbabago sa mga buhay ng Ayta. Ang kanilang "Baytan" ay natabunan ng tone-toneladang *lahar* kasabay na rin ng mga lugar na pinangyayarihan ng kanilang samu't-saring pang-ekonomiya, pampulitika, pangrelihiyon at panlipunang paniniwala at gawi.

Bilang tugon, ang pamahalaan ay naglaan ng pondo at programa para maibalik ang mga buhay nila sa mga tinalagang *resettlement areas* sa Botolan at iba pang lugar. Ang buong Loob Bunga Resettlement na may 6,571 na tao, ay may mga pasilidad pang-eskwela, pangkalusugan, pang-aliwan (tulad ng *basketball court* at *play ground*), at gusali para sa mga sumusuportang ahensya ng gobyerno. Ang bawat pamilyang biktima ng Bulkang Pinatubo ay may naitalagang puwesto o tirahan sa bagong lugar.

Ngunit sa Resettlement, nawala na ang pinagkukunan ng materyal na pangkabuhayan na natatagpuan sa dati nilang lugar sa "Baytan" at kaalinsabay nito, ayon kay Abaya (1999) ay nagkaroon na ng bagong kalakaran sa buhay nila na itinakda na rin ng pamahalaan ayon sa konsepto nito ng "*resettlement*" at kaunlaran para sa mga biktima ng pagsabog ng bulkan. Ang mga Ayta – lalaki man o babae, ay kinailangan ng pera at sahod para mabuhay. Ika nga ng isang lider Ayta: "nakatali na kami sa pera".

Makikita sa Talaan 3 na ang mga Ayta ay nagiging ingkilino sa mga palayan (na gumagamit ng petro-kemikal na pataba at pestisidyo), nagpapaupa ng lakas-paggawa (sa halagang P100 isang araw), manggagawa sa konstruksyon, karpintero, labandera at katulong sa bahay. May ilan, lalo na ang mga babae, na namimili at nagtitinda ng mga produkto at inalagaang hayop. Sa umpisa, may mga kalalakihang Ayta na nagtrabaho rin sa pagtatayo

ng mga pampublikong pasilidad at kalye, at pagtatanim sa mga inilaang lote ng gobyerno at sila ay binayaran ng katumbas na pagkain (tinataguriang “*food-for-work*” ng pamahalaan).

Talaan 3: Kasalukuyang Hatian sa Gawain ng Lalaki at Babae sa Resettlement

Kung ikukumpara natin ang gawain ng mga lalaki at babaeng Ayta noon at ngayon (Talaan 1, 2 at 3), makikita natin na may kalabnawan na ang hatian ng gawain sa pagitan nila sa mga pang-agrikultural na gawain na tradisyunal na ipinapataw sa bawat kasarian. Halimbawa, sa mga sakahan, ang babae at lalaki ay pareho nang nagpapaupa ng lakas-paggawa sa pagtatanim, pagdadamo at pag-aani na noon ay gawain lamang ng babae. Pareho rin ang sahod ng babae at lalaki. Ngunit sa ibang gawaing pinagkakakitaan ng pera tulad ng pagtatanim at pagtitinda, ang mga trabaho ay sumusunod pa rin sa tradisyunal na hatian ng gawain. Mayroon ding nakikitang pagtahak ng mga kalalakihan at lalo na ng mga kababaihan sa impormal na sektor sa kanilang paggampan

Lalaking Ayta	Babaeng Ayta
upahan sa mga sakahan sa patag – pagtatanim, pagdadamo, pag-aani	upahan sa mga sakahan sa patag – pagtatanim, pagdadamo, pag-aani
pagiging ingkilino (“abang”) sa mga diginagamit na lupang sakahan.	pagtitinda ng mga produkto (tulad ng gulay) sa mga paligid na pamayanan o sa iba
pagtatrabaho bilang mangagawang kontraktwal (arawang pasahod) sa mga konstruksyon sa Zambales, Maynila at iba pang lugar	pagiging labandera (arawan) ng mga tagapatag na pamilya
pagiging karpintero	pagiging tindera sa mga pribadong tindahan sa Zambales
pagiging “house boy” (mga binata) sa Zambales at iba pang lugar.	pagiging “house maid” (mga dalaga) sa Zambales, Maynila at iba pang lugar.
pagtatrabaho sa mga trabaho na may buwanang pasahod (tulad ng mangagawa sa isang pang-agrikultural na korporasyon) sa Zambales o iba pang lugar	pag-aalaga ng mga hayop (tulad ng baboy) sa sariling bakuran
pagtatanim ng mga gulay, panamin na lamang-lupa, at iba pa sa mga pampublikong lupain.	pagtatanim ng mga gulay, panamin na lamang-lupa, at iba pa sa mga pampublikong lupain.

ng mga sahurang at di-regular na gawaing pambabae tulad ng paglalaba, pagbebenta at pag-aasikaso ng bahay. Ang mga klase ng gawain para sa “*food-for-work*” na pagkakakitaan sa Resettlement ay may kiling sa pagbibigay ng oportunidad para sa mga kalalakihan.

Makikita rin sa susunod na bahagi ukol sa buhay mag-asawa na ang mga gawaing pangreproduksyon at pambahay ay pangunahin pa ring inaasa sa mga kababaihan mula noon hanggang ngayon.

Ayon sa kanila, ang batayan ng hatian sa gawain ay ayon sa pangpisikal na pangangailangan nito – ang mga gawaing panlalaki ay mabigat o nangangailangan ng lakas ng katawan samantalang ang sa babae ay mga magaan lamang na gawaing tulad ng pagmimintina at paglilinis ng mga bagay-bagay. Kapag ginawa ng isang Ayta ang kabaligtaran ng dapat niyang gawin, siya ay pagtatawanan dahil ayon na rin sa isang lalaking lider: “Sa Ayta, pangit tignan ang gawain ng babae ay ginagawa ng lalaki”.

Ang Pagpapalaki ng Lalaki at Babaeng Ayta

Ang pagpapalaki ng lalaking anak ay hindi pareho sa babae. Ayon sa isang babaeng Ayta na naglahad ng kanyang talambuhay, bata pa lamang silang magkakapatid ay marunong na silang tumulong sa kanilang mga magulang sa gawain sa bahay at sa bukid. Sa murang edad na walong taon, ang mga lalaki ay tumutulong na sa pangangahoy sa bundok at pagtatrabaho sa “gasak” o kaingin. Ang mga batang babae naman ay sinasanay na maglaba at mag-alaga ng mga nakababatang kapatid. Sila rin ang obligadong mag-igib ng tubig bagaman ang mga kapatid na lalaki ay tumutulong din.

Ang mga bata ay malaya ring maglaro. Ngunit kapag tumatanda na ang batang babae, siya ay mas inaasahan na tumulong sa bukid o kaya’y mag-alaga ng mga kapatid. Samantala, ang mga kapatid na lalaki ay hindi obligadong mag-alaga ng mga kapatid at malayang gumala sa ilog o sa gubat para manghuli ng mga maliliit na ibon. Sa bukid, inaasahan ang mga babae na magbunot ng damo at magtanim ng gulay at gawaing inaatas ng lipunan para sa babae. Nakaranas na rin sila na magpaupa sa taniman na ang bayad ay mas mababa sa mga nakatatanda.

Ang mga babae at lalaki ay pinapag-aral din ng mga magulang sa paaralang pampubliko. Karaniwan, sila ay hindi nakakaabot sa mataas na antas ng pag-aaral, subalit, kung ikukumpara ang lalaki at babae, mas mataas ang naaabot ng mga kalalakihan. Halimbawa, ang mga babae ay aabot lamang ng grade 2 hanggang 4 ngunit ang mga lalaki ay puwedeng makatapos ng elementarya. Bukod sa kahirapan, ang pananaw ng mga magulang, lalo na ng ama, ay nakapagdudulot ng hangganan sa pag-aaral ng Aytang babae. Sinasabi na ang mga babae ay mauuwi lamang sa pag-aasawa at pamamalagi sa bahay, kung kaya’t hindi na kinakailangang magkaroon ng mataas na pinag-aralan. Isang salik din ay ang pag-oobliga sa mga anak na babae na magbantay sa mga kapatid kapag may trabaho sa bukid ang mga magulang. Dahil dito, ang bata ay napipilitang lumiban sa eskwela tulad ng nangyari sa isang nakapanayam na sinusundo pa ng nanay niya sa paaralan para mag-alaga ng mga kapatid.

Patuloy ang mga gawain ng mga babae sa bahay at sa bukid hanggang sa kanilang pagdadalaga. Sa bahay, bukod sa pag-aalaga at paglalaba, sila ay inaasahan na ring magluto ng pagkain para sa buong pamilya habang ang ina ay tumutulong sa *gasak*.

Ganoon din sa pagtitinda ng produkto sa palengke o sa paglako nito sa mga bahay-bahay.

Ngunit sa kanilang pagbibinata at pagdadalaga, ang mga Ayta ay makakaranas na rin ng ilang mga pagbabawal at pagrerenda ng mga gawi sa bawa't kasarian. Ayon sa nakuhang datos ni Abaya (2000), ang mga babae ay hindi dapat magpahalik at magpayakap sa lalaki. Dapat din niyang ingatan na hindi mahipo ang kanyang suso. Hindi na rin siya pinapayagang pumunta kung saan-saan. Kapag siya ay nahipuan o nahalikan ng lalaki, ito ay puwedeng maging dahilan para ipakasal ang dalawa. Hindi na rin maaaring hawakan ng mga lalaki ang ano mang parte ng katawan ng babae.

Buhay Mag-asawa

Ang mga Ayta ay karaniwang maagang nagsisipag-asawa kung kaya't *teen-ager* pa lamang sila ay patungo na sa pag-aasawa. Ang pagkakaroon ng relasyon ng dalawa ay dapat may pagsang-ayon ng mga magulang ng magkabilang panig upang manatili ang suporta nila sa mga panahon ng taghirap at di-pagkakaunawaan ng mag-asawa.

Kapag nagdesisyon na na magpakasal ang dalawa, magbibigay ang lalaki ng *bandi*³ bilang regalo sa pamilya ng babae – ang halaga ay itatakda ng partido ng babae. Ang partido rin ng lalaki ang gagastos sa pagpapakasal. Ayon sa isang nakapanayam na babae, ang *bandi* ay maaaring umabot ng P10,000 ngunit sa kanyang kaso, P500 lamang ang hiningi ng kanyang magulang. Sang-ayon sa kanya, natuwa naman siya sa maliit na halaga para hindi siya saktan ng kanyang mapapangasawa. Naniniwala siya na ang laki ng halaga ng *bandi* ay may kaugnayan sa karapatan ng lalaki na manakit ng asawa, bagaman ang pananakit ng asawa sa lipunang Ayta ay hindi pinahihintulutan. Sa kabilang banda, malaki rin ang tulong ng *bandi* sa partido ng babae dahil ito ay maaaring gamitin sa pagbili ng pagkain at iba pang pangangailangan ng pamilyang kanyang iiwanan. Kung minsan, dahil na rin sa kahirapan ng buhay, hindi na rin nakababayad ng *bandi* ang lalaki kung kaya't may pagkakataon na nagsasama na lamang ang magsing-irog.

Sa pagdaloy ng panahon, kapag hindi na magkasundo ang mag-asawa matapos silang pag-ayusin ng kanilang mga magulang, ang mag-asawa ay puwedeng maghiwalay at ang *bandi* at gastos sa pagpapakasal ay isosoli ng partido ng babae. Puwede ring mag-asawang muli ang alinman sa naghiwalay na mag-asawa kung hindi tututol ang kabilang panig. Ngunit sa ngayon, madalang na ring mauwi sa hiwalayan ang pagsasama ng mag-asawa dahil sa impluwensya ng Kristiyanismo at kahirapan ng buhay.

Ang pang-araw-araw na buhay-mag-asawa ay nakabatay na rin sa padron ng hatian sa gawain sa lipunan ng mga Ayta sa larangan ng produksyon at reproduksyon. Sa isang halimbawa ng isang araw sa buhay ng isang mag-asawa sa Talaan 4, makikita na ang babae ay nakatalaga sa pag-aasikaso ng bahay at pamilya habang ang lalaki ay pangunahing inaasahan na maghanap-buhay sa labas. Kapag may pagkakataon, ang

babae ay makakapaghanapbuhay din sa labas at ang anak na babae ang aasahan na mag-asikaso ng bahay, lalo na tuwing Sabado at Linggo kung kailan walang pasok sa paaralan ang mga anak. May sitwasyon din na tumutulong sa gawaing-bahay ang lalaki ngunit iyon ay kapag hindi puwede ang babae sa mga kadahilanang tulad ng pagkakasakit, pagiging matamlay, panganganak o pagkakaroon ng trabahong pagkakakitaan. Kapag nanganak at habang hindi pa nakakakain ng kanin ang bagong silang na anak, nananatili lamang sa bahay ang babae.

Sa pagdidisision sa bahay, ang kapasyahan ng lalaki ang masusunod sa mga sitwasyong tulad ng pagbebenta ng kalabaw, saan maninirahan ang pamilya, sino sa mga anak ang papag-aralin, mga produktong itatanim sa bukid, at pagpayag na hiramín ang kanyang kagamitan sa produksyon kagaya ng mga pana, gamit pangkarpintero at iba pa. Hindi rin obligado ang lalaki na sabihin sa asawa niya kung magkano ang kinita niya. Ang babae naman ay may sariling disision sa sitwasyong tulad ng pagbibigay ng pagkain sa kanyang mga kamag-*anak*.

Talaan 4: Isang Araw sa Buhay ng Mag-asawa sa Resettlement

BABAE		LALAKI	
Tantyang Oras ng Umpisa	Gawain	Tantyang Oras ng Umpisa	Gawain
4:00 n.u.	Gigising; maghahanda ng almusal; manggigising ang magpapakain ng mga anak; * isang beses sa iang linggo, pupunta sa Iba para magtinda ng produkto nila	4:00 n.u.	Gigising; * kung hindi babangon o may sakit ang asawa, paghahanda ng almusal
		5:00	Pupunta sa bukid/sakahan
6:00	Maglilinis ng bahay; mag-iigib ng tubig; Maglalaba		
10:00	Magluluto ng tanghalian		
11:00	Magpapakain ng mga anak na galing sa eskuwelahan		
12:00	Maghuhugas ng mga plato at pinaglutuan; *kung minsan, ang panganay na anak na babae ang maghuhugas ng pinggan at ang mga anak na lalaki ang mag-iigib ng tubig		
1:00	Mag-aalaga ng bata	5:00 n.h.	Uuwi mula sa sakahan
6:00	Magluluto ng hapunan		
7:00	Magpapakain ng mga anak; maglilinis ng pinagkainan		
9:00	Matutulog	9:00	Matutulog

Ang pagpapasya ng bilang ng magiging anak ay nasa kapasyahan pa rin ng lalaki. Halimbawa, may isang nakapanayam na babae ang nagbukas na naging walo ang kanilang anak dahil ang kanyang asawa ay nagpumilit na magkaroon ng lalaking anak. Nang apat na ang anak nila, ibig na niyang tumigil sa panganganak, ngunit dahilan sa iisa pa lamang ang lalaki, sinundan pa nila ang pag-aanak na umabot ng walo — limang babae at tatlong lalaki.

Ang mga pamana ng kamag-anak sa mag-asawa ay sumasalamín din sa papel nila sa lipunan – ang lalaki ay binibigyan ng pana, sibat, baril at iba pang magkatulad na gamit habang ang babae ay pinamamanahan ng antik na plato, damit, plantsa at iba pang gamit pangtahanan.

Paglahok sa Gawaing Pangkaunlaran

Sa buong Resettlement, mayroon nang 22 na samahang pangmasa at lima rito ay nasa Barangay Villa. Sa salaysay ng pagkakatatayo ng isang samahang pangmasa, lumalabas na may tendensya na mag-organisa ang mga lalaking Ayta at/o katuwang nitong mga NGOs (*non-governmental organizations*) at ahensya ng pamahalaan sa hanay ng kapwa kalalakihan. Mayroon ding mga kababaihan na nakakasali sa samahan ngunit ang bilang nila ay napakaliit. Sa katunayan, sa isang nadokumentong karanasan ng samahan ng mga Ayta, lumalabas na sa 48 na kasapi, walo lamang ang babae. Sa nangyaring dalawang beses na eleksyon ng mga opisyaes, iisa pa lamang ang nanalong babae. Mula nang itinatag ito noong 1994, wala pa ring babae ang naging kasapi ng anumang komite na itinayo. Kaya't masasabi na ang mga pagkakataon sa pamumuno ay abot-kamay lamang ng mga lalaking Ayta. May ilang posibleng salik sa pangyayaring ito – ang sistema ng pag-oorganisa na pinangunahan at pinagtuunan ng lalaki, ang tinatarget ng itinatayong samahan na programang pangkaunlaran na nagbibigay-diin sa kapakanan ng mga lalaki, ang sistema ng hatian ng gawain sa pagitan ng lalaki at babae, at ang mababang katayuan ng babae sa lipunan ng mga Ayta.

Kapansin-pansin din na ang mga inilunsad na panlipunang serbisyo, partikular na ang pangkalusugan, nutrisyon at *early childhood care and development*, ay karaniwang nilalahukan lamang ng mga nanay at iba pang kababaihan. Halimbawa, sa isang *feeding program* ng isang NGO, namobilisa ang mga nanay na magtulungan sa paglilinis ng kusina ng *health center* na pinagdausan, pagluluto at paghahain ng pagkain ng mga batang kulang sa pagkain, at pagtawag sa kapwa nanay na dalhin ang kanilang mga anak sa *health center*.

Pagninilay-nilay

Sa gawaing pangkaunlaran, ang usaping di-pantay na relasyon ng lalaki at babae sa isang lipunan ay hindi na dapat iwasang banggitin. Ang hindi pagtugon sa usaping ito

ay maaaring makapagpanatili at makapagpalala ng kalakaran kapag ito ay isasantabi ng mga manggagawang pangkaunlaran at lalo na ng pamahalaan na pangunahing may pananagutan na lumikha ng kondisyon upang makalahok ang mamamayan sa pagpapaunlad ng kanilang hanay at ng bansa. Mahalaga na mabigyan ng pantay na karapatan at oportunidad sa paglahok sa gawaing pangkaunlaran ang lalaki at babae sapagkat kapwa sila may sinusulong na makauring interes bilang mga katutubo at kapwa sila makikinabang sa isang pantay na kalakaran sa lipunan.

Ang pagkakaroon ng di-pantay na katayuan ng lalaki at babae sa lipunan at sa gawaing pangkaunlaran ng pamayanan ay nakikita sa kaso ng lipunan ng mga Ayta sa Zambales. Ang di-pantay na relasyon ng lalaki at babae sa kanilang lipunan ay nakita sa pangkasaysayang sistema ng hatian sa gawain at papel sa lipunan. Ito'y pinanatili at pinalubha pa ng pagpasok ng sistemang kapitalista at ng mga pangyayari sa pagsabog ng Bulkang Pinatubo.

Sa kasamaang-palad ang karamihan sa mga nakaraang pananaliksik (lalo na nang mga sinaunang buhay) ng mga buhay-buhay ng mga lalaki at babae sa lipunan ng mga Ayta at iba pang katutubo ay napokus lamang sa iilang paglalarawan ng iba't-ibang gawain at tungkulin at hindi ng pagsusuri ng umiiral na magkaibang katayuan at kalagayan. Ito'y dahil na rin sa hindi makasariang lente na ginamit sa pag-aaral. Gayun din ang gawaing pag-oorganisa sa hanay ng kababaihang Ayta na relatibo pang bago sa kasalukuyang yugto ng gawaing pangkaunlaran sa bansa.

Sinasadya man o hindi, may tendensya pa ring gamitin ng mga manggagawang pangkaunlaran ang mga nakagawiang estratehiya at pamamaraan sa gawaing pangkaunlaran at pagpapaunlad ng pamayanan na ginagamit sa mga pamayanan sa kapatagan at batayang sektor tulad ng magbubukid, manggagawa at mangingisda. Ito ay nakikita rin sa paggamit ng di-maka-babaeng proseso ng pag-oorganisa sa hanay ng kababaihang tagapatag. Sa kabuuan, sa iba't-ibang larangan ng gawaing pangkaunlaran, masasabing marami pa ring bulag sa usaping pangkalalakihan at pangkababaihan. Ang pamahalaan ay nagpupursigi pa ring ipilit sa mga katutubo ang makadayuhan at makapatag na modelo ng kaunlaran. Aminin man nila o hindi, marami pa ring mga manggagawa ng pamahalaan na punung-puno pa rin ng panglalait at pagkababa ng pagtingin (*ethnocentrism*) sa mga Ayta at iba pang pambansang minorya. Nagkukulang pa rin ang mga manggagawang pangkaunlaran sa pagpapalalim ng pagkakaunawa sa kultura at pang-araw-araw na kaganapan ng mga Ayta at iba pang pambansang minorya, kaalinsabay sa pag-unawa ng pambansa at pandaigdigang pangyayari.

Sa pananaliksik na ito, inaamin na ang paghusga na di-pantay ang kalakaran sa relasyon ng babae at lalaki sa lipunan ng mga Ayta ng Botolan ay sa paningin lamang ng nagsaliksik batay sa mga pag-aaral at teorya ukol sa usapang pangkababaihan at pangkalalakihan. Sa panig naman ng mga nakapanayam, hindi pa rin nila nakikita ang mga implikasyon ng umiiral na sistema ng hatian sa gawain at papel sa lipunan nila dahil naniniwala sila -

babae at lalaki – na ang lahat ng ito ay natural. Ngunit hindi rin maitatatwa na may maliit na kislap sa mata na naibunga ang mga kuwentuhan.

Sa kanilang pagbabahagi ng kanilang mga buhay-buhay, sana ay tuluyan nang umalingawngaw ang mga mumunting boses ng mga kabaro at kapatid nating Ayta sa kanilang pamayanan at tahanan. Sana ay umabot ito sa mga pandinig, pandama at pag-iisip ng mga mangagawang pangkaunlaran at ng pamahalaan upang tanggapin ang hamon ng pagbabago. Maging tagapatag man o maging katutubo, hindi na tayo dapat maging komportable sa mga nangyayaring iba't-ibang porma ng di-pantay na relasyon sa lipunan – sa uri, lahi at sa pagitan ng lalaki at babae. Ang lahat, lalaki man o babae, ay dapat nang lumaya sa sistemang pangkalalakihan na siyang bumabalot sa kasalukuyang kalakaran sa lipunan.

Pinagsanggunian:

Abaya, Eufrazio C. Places, Power, Sensibilities: The Politics of Placemaking in Loob Bunga. Resettlement, a final report submitted to the Center for Integrative and Development Studies. University of the Philippines, Quezon City, 62 pp 1999

_____. Therapeutic System Among the Ayta of Botolan, Zambales, preliminary draft. 2000 (on-going research).

Dominguez, Maria. Teresa C. Evolving Management Practices of People's Organizations: The Case of An Ayta Organization in a Resettlement Area in Botolan, Zambales. A masteral thesis submitted to the Department of Community Development, College of Social Work and Community Development. 206 pp. 2000

Eviota Elizabeth U. The Political Economy of Gender (Women and the Sexual Division of Labour in the Philippines). London and New Jersey: Zed Books Ltd., 212 pp 1999

Fox, Robert "The Pinatubo Negritos: Their Useful Plants and Material Culture", The Philippine Journal of Science. 81 (3-4): 173-414. 1952

Garvan, John M. The Negritos of the Philippines. Austria: Verlag Ferdinand Berger, Horn-Wien, 289 pp. 1964

Lebar, Frank M. (ed. and compiler) Negritos. In Ethnic Groups of Insular Southeast Asia. Vol. 2: Philippines and Formosa. New Haven, U.S.A.: Human Relations Area Files Press, pp.24-31. 1974

Reed, William Allan Negritos of Zambales, Department of the Interior-Ethnological Survey Publications (Vol. 11, Part 1). Manila: Bureau of Public Printing, 90 pp. 1904

Shimizu, Hiromu Pinatubo Aytas: Continuity and Change. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, pp.6-19. 1989

Villanueva, Eric. "Birth Pains of a New Community" (pp.53-56) and "In the Cradle of the Volcano" (pp. 71-73), in From Victims to Victors: (The Mount Pinatubo Experience in Relief and Rehabilitation. DSWD Field Office III and the Mt. Pinatubo Commission. 1996

¹ Ayon din kay Lebar (1975), may mga panawag din sa sarili ang mga katutubo na galing o bansag din ng mga "tagalabas" tulad ng *Ita* na nangangahulugan na maitim.

² May paglalarawan at pagpapaliwanag ding ginawa si Victoria Narciso Apuan ukol sa kalagayan at katayuan ng mga Babaeng Ayta sa Pampanga bilang bahagi ng kanyang masteral thesis na may pamagat na "Ang Paraan ng Pag-angkop ng mga Kababihang Ayta ng Baryo Camachiles, Floridablanca, Pampanga sa Pagsabog ng Bulkang Pinatubo (Hunyo 1991- Mayo 1993): Isang Panimulang Pag-aaral" na isinumite noong Hunyo, 1993 sa Unibersidad ng Pilipinas- Diliman.

³ Para sa isang pag-aaral ukol sa mga karanasan ng mga Ayta sa praktis na *bandi*, tunghayan ang *masteral thesis* (para sa antropolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman) ni Monica Santos na may pamagat na "*Transacting Bridewealth: Marriage Among the Ayta in Loob-Bunga Resettlement*" (Abril, 2001), at ni Victoria Narciso Apuan (Hunyo, 1993).